# ANG ANAK KO AY MAG-AARAL NA

Isang patnubay para sa mga magulang at tagapag-alaga







"Ang paglalaro ang pinakamataas na uri ng pananaliksik."

— Albert Einstein









"Kailangang turuan ang mga bata kung paano mag-isip, hindi kung ano ang iisipin."

— Margaret Mead

connect Children and Families

TRANSITION TO SCHOOL

Filipino

'My child is starting school – a guide for parents and caregivers': NAATI accredited translation

# ANG ANAK KO AY MAG-AARAL NA

## Paghahanda para sa eskwela

**Na mag-aaral na nga ang iyong anak, tunay na nakatutuwang kaganapan. Maaaring daraan ang panahon para masanay ang iyong anak at pamilya.**

Narito ang ilang mga pabalita para tulong sa isang positibong pagsisimula:

- magsagawa ng madali at hindi apurahang gagawin sa bahay
- panatiliing bukas ang mga linya ng pag-uusap sa iyong anak
- dumating bago pa mag-'bell' bawat umaga
- pag-usapan ninyo ng bata kung paano ang naging pag-uwi niya sa araw-araw
- makipagkonekta sa kanilang guro.

## Alamin ang paaralan ng iyong anak

Ang bawat paaralan ay bukod-tangi. Magandang ideya na:

- dumalo sa kanilang transisyon, oriyentasyon o mga sesyon sa impormasyon
- i-tsek ang kanilang 'website' o sumuskribi sa kanilang mga sulat-pabalita
- sundan ang kanilang mga pahina na pang-sosyal media
- makipagkita sa Prinsipal o magtanong sa kawani ng paaralan para sa impormasyon
- makipagkonekta sa iba pang mga magulang na may mga anak na pumapasok sa paaralan.

## Bumasa at Sumulat

Ang pundasyon ng pagkakatuto ay bumasa at sumulat. Ang pagsasalita at pagkaalam sa mga tunog ng salita ang nagbubuo ng malakas na pundasyon sa matagumpay na pagbabasa.

Makibasa, makitula at makiguhit, kumanta, makinig at makipag-usap sa iyong anak sa tuwina. Ito ang magtatatag ng mga kasanayan sa pagbasa at pagsulat na kakailanganin para maintindihan ang impormasyon at maipasa ang mga ideya.

Kung hindi Ingles ang iyong kinagisnang wika, patuloy na gamitin ang pinakagamit na wika pati na ang Ingles para itaguyod ang mga kahusayan sa maramihang wika at panatiliin ang kakilanlang pangkultura.

## Pagbilang

Ang pagbilang ay nasa lahat ng ating kapaligiran at ginagamit sa buong buhay. Gumagamit ng pagbilang ang iyong anak kung nagsusukat ng mga sangkap sa lutuin, pagbibilang ng mga baitang ng hagdanan habang umaakyat, pagpipili ng mga butones o pagpapares ng mga medyas.

Kapag naglalaro ang mga bata ng mga laruang bloke at mga lalagyan, nag-iisip sila sa 'matematikang paraan' tungkol sa laki, hugis at lawak.

Pag-usapan naman ang tungkol sa mga pwesto gaya ng likuran, katabi ng at sa itaas, at magtanong ng 'gaano karami?' 'saan ang daan?' o 'tama na ba?'

## Mga Pakikipagkaibigan

Maaaring mahirap na bagay ang makipagkaibigan para sa iyong anak. Makakatulong kung tuturuan mo siyang isipin ang tungkol sa mga laro, saan lalaruin at kung paano isasali ang ibang bata.

Matututunan ng bata ang mga kasanayang ito sa paggaya sa iyo – sa paraan ng iyong pagsisimula ng mga pakikipag-usap, pagharap sa mga problema at pagtanggap sa mga pananaw ng ibang tao.

Ang pag-uudyok ng paglalaro ay magbibigay ng mga pagkakataon sa iyong anak na 'mabasa' ang mga mukha at sinasabi ng kilos ng katawan, lalong nadaragdagan ang kanyang mga kagalingang pangsosyal.

## Pagdadala ng mga saloobin

Ang pagsisimula ng pag-aaral ay magdadala ng malaking hanay ng mga emosyon sa iyong anak at ang pag-intindi kung paano ito panghahawakan ay maaaring matagalan. Magbigay ng suporta sa pamamagitan ng pakikinggan, sasang-ayunan at tatanggapin ang kanilang mga saloobin.

Tulungan ang inyong anak na pangalanan ang mga saloobing ito at humanap ng tamang mga paraan sa pagdadala nito kung kinakailangan. Matututunan ng iyong anak ang pagdadala ng mga emosyong iyon sa pamamagitan ng mga pagmamamasid sa iba pang mga bata sa kanyang paligid.

## Magandang mga gawi sa pagkakatuto

**1. Paghahanap ng mga mapag-iinteresan**
Matututo ang iyong anak kung siya ay interesado, may mga itinatanong at naggagalugad ng mga posibilidad. Tumutulong ito para sila maging mapaglikha at nakikisali.

**2. Paglulutas ng problema**
Udyukan ang iyong anak na ituloy ang mga ginagawa, kahit na maging medyo mahirap ito. Matutulungan mo siyang makahanap ng sarili niyang mga paraan para lutasin ang mga problema.

**3. Sang-ayunan ang mga ginawa**
Sang-ayunan mo ang ginawa ng iyong anak kung nakikita mong pinaghihirapan niya ito maging anuman ang naging resulta.

## Tulong sa sariling mga kasanayan

Yayabong ang pagsasarili ng iyong anak sa paaralan. Matutulungan niyo siyang magbuo ng kumpiyansa sa pagbibigay ng maliliit at magagawang mga gawain gaya ng:

- pagtutupi ng mga nilabhan
- pagbibihis
- pagbubukas at pagsasara ng kanilang baunan
- pagsasantabi ng mga bagay.

Mag-alok ng tulong kung medyo nahihirapan at tiyakin na alam ng iyong anak na makakahingi siya ng tulong sa guro at ibang estudyante.

## Pagbubuo ng koordinasyon

Makakatulong ang pisikal na mga kasanayan sa paglalaro at pagkakatuto ng iyong anak sa paaralan. Ang mga malalaking pagkilos na tawag ay 'gross motor skills' ay ang pag-akyat-akyat, paghagis o pagsalo ng bola. Nagdudulot ito ng matibay na pundasyon para sa pagbubuo ng kasanayang 'fine motor' sa hinaharap.

Ang mga kasanayan sa 'fine motor' ay kailangan sa pagdo-drawing, paggamit ng mga gunting at pagbubukas ng mga baunang pagkain. Kapag nasa bahay, ang paglalaro ng binubuong mga laruan, mga paggamit ng pang-sipit(tongs) at pang-ipit (pegs), o paghahardin ay makakatulong sa pagpapalakas sa 'fine motor skills' at pagpapahusay sa koordinasyon ng iyong anak.

## Mga pamilya

Ikaw ang pinaka-una at pinakamahalagang guro ng iyong anak. Ang pagiging positibong kasali sa pagkakatuto ng iyong anak ay makakatulong sa kanilang maging matagumpay sa paaralan.

Magbigay ng maraming mga pagkakaton sa paglalaro, kumanta at makibahagi sa mga kwento, makisama sa mga nagtuturo sa iyong anak at magpakita ng pagkagusto sa pagkakatuto.

Kahit munting bagay ay malaki ang maidudulot na kaibahan.

## Pangalagaan ang iyong sarili

Ang pangangalaga sa sarili ay makakatulong sa iyong pangangalaga sa anak. Kapag nagsimula ng mag-aral ang iyong anak, makakaramdam ka ng pag-aalala, lungkot, saya at parang nabunutan ng tinik. Maaalala mo pati ang mga nagdaan mong panahon noon sa pag-aaral.

Mahalaga ang pagiging alam ang mga saloobin at ang epekto nito. Makibahagi ng iyong mga saloobin sa pinagkakatiwalaang mga kaibigan at magbuo ng magandang pakikipagkomunikasyon sa guro ng iyong anak.

### KARAGDAGANG IMPORMASYON

Makakahiling ka ng isang libreng serbisyo ng taga-interprete sa paaralan ng iyong anak.

Para higit pang malaman ang tungkol sa 'transitioningyourchild' sa paaralan, bisitahin an gaming website: **transitiontoschool.net**

Celebrating Every Child